ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

PEER UP! (PRACTICE AND ENHANCE THROUGH ENGAGING IN READING USING PEER TUTORING): PAGPAPAUNLAD SA KASANAYAN SA WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA SEKONDARYA

Chelina C. Caparos[1], Kenneth P. Cristal[2], Lalaine A. Lacsi[3]
Sheena Joyce P. Semblante[4]

[1]*ORCID No. 0009-0001-6734-3732*
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[2]*ORCID No. 0009-0006-1498-7020*
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[3]*ORCID No. 0009-0009-6510-9625*
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[4]*ORCID No. 0009-0005-6511-7697*
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra18256
DOI No: 10.36713/epra18256

ABSTRAK

Ang maaksyong pananaliksik na ito ay naglalayong paunlarin ang kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa sekondarya partikular na sa kanilang komprehensyon sa pagbasa. Ang interbensyong PEER UP (Practice and Enhance through Engaging in Reading Using Peer-Tutoring), ay nakatuon sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na kung saan kolaboratibong magtutulungan ang mga mag-aaral sa pagkatuto. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pre-experimental na disenyo na kung saan ito ay gumamit ng one group pre-test and post-test na pamamaraan. Ang disenyong ito ay gumamit ng pre-test pagkatapos ay isinagawa ang interbensyon at magkakaroon ng isang post-test. Ang mga respondente na napabilang sa eksperimental na grupo ay ang mga mag-aaral sa ikasampung baitang, seksyon Neon ng Kapalong National High School. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral na ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pre-test ay inilalarawan na katamtaman samantalang ang naging resulta sa post-test ay mataas. Lumalabas na mayroong makabuluhang pagbabago sa pagitan ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo matapos ang isinagawang interbensyon. Samakatuwid, ang peer-tutoring ay isang epektibong pamamaraan upang mapalakas at mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Kung kaya, iminumungkahi ng mga mananaliksik na ipatupad ang peer-tutoring, ito man ay dalawahan o pangkatan upang mas maging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito rin ay gawing pagsasanay sa loob ng klase.

MGA SUSING SALITA: *Filipino, peer-tutoring, PEER UP, post-test, pre-eksperimental, pre-test*

INTRODUKSYON

Ang pagbasa at pag-unawa sa binabasa ay magkasamang kasanayan, at ang pag-unawa sa binabasa ang pangunahing layunin ng pagbasa, itinuturing na pinakamahalagang proseso. Ang pag-unawa ay nagiging tulay sa pagitan ng pamilyar at di-pamilyar, na nagpapalakas sa kahalagahan ng pang-unawa sa proseso ng pagbasa. Ang kakulangan ng kasanayan sa wikang Filipino ay nagdudulot ng problema sa pakikipag-ugnayan at sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sila ay nagkakaroon ng kakulangan sa kaalaman sa gramatika, talasalitaan, pakikipagtalasan, pagbasa at sa pagsulat na siyang nagdudulot ng mga pagkakamali at minsan pa ay nawawalan sila ng kumpyansa sa sarili lalo na sa paggamit ng wikang Filipino (Santos, 2021; Estremera & Estremera, 2018).

Sa katunayan, ang pagkakaroon ng kakulangan sa kasanayan sa wika ay napapansin sa pandaigdigang pag-aaral lalo na sa bansang Thailand. Sa isang pag-aaral na isinagawa ng Educational Testing Service (ETS) napag-alaman na ang mga mag-aaral ay nakaiintindi lamang ng mga simpleng salita at limitado lamang ang kanilang pakikipag-ugnayan dulot ng kakulangan sa kanilang kasanayan sa wika. Napakamababa ng kanilang kasanayan sa wika lalo na sa pag-unawa ng kanilang binabasa, pakikipagtalastasan at ang kanilang abilidad na makinig at umintindi na nagdudulot ng mababang performans (Waluyo, 2019).

Sa Pilipinas, partikular na sa Central Luzon Doctors' Hospital-Educational Institution, napag-alaman na ang mga mag-aaral ay nakikitaan ng kakulangan ng kasanayan sa wikang Filipino. Isiniwalat sa pag-aaral na nahihirapan ang mga mag-aaral sa tamang paggamit ng wikang Filipino sa pakikipagtalastasan, pag-unawa sa kanilang binabasa at talasalitaan. Ang mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

simpleng salita ay kadalasang itinatanong pa nila sapagkat wala silang alam sa kung ano ang nais ipahiwatig nito. Dulot nito, nagkakaroon ng problema sa pakikipag-ugnayan hindi lamang sa loob ng klasrum kundi pati na rin sa iba't ibang konteksto (Bautista et al., 2019).

Samantala, sa Dibisyon ng Davao del Norte, partikular na sa Kapalong National High School, makikitaan na ang mga mag-aaral ay tunay na nahihirapan sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipag-ugnayan at sa pag-unawa ng mga tekstong binabasa na nasa anyong Filipino. Batay sa isang pagsusulit na ginawa ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI), lumabas na marami ang bilang ng mga mag-aaral ang nakakuha ng mababang marka na pinapangambahan na maraming mga mag-aaral pa rin ang may mababang komprehensyon sa pagbasa. Napag-alaman na mababa sa nararapat na *grade level* ang pagbasa ng mga mag-aaral na nagpapahiwatig na may kahirapan sa pagbabasa ang mga mag-aaral at hindi pa nakakamit ang inaasahang antas ng kasanayan para sa kanilang *grade level*.

Ang pag-aaral na ito ay aming isasagawa dahil nakikita naming umiiral talaga ang problemang ito. Bilang mga *pre-service teacher* at magiging guro sa Filipino sa hinaharap, nilalayon namin ang pagpapaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at ng kanilang pag-unawa. Kaya, mahalaga lamang na ito ay aming tutokan at bigyan ng isang interbensyon upang mas maging maalam ang mga mag-aaral sa wikang Filipino, mas umigting ang kanilang pakikipagkomunikasyon, pananatili sa identidad at kultura at upang humusay ang kanilang akademikong pagganap sa asignaturang Filipino. Higit sa lahat, ang pagpapaunlad ng kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral ay magpapaunlad sa kanila bilang isang indibidwal.

Layunin ng Pananaliksik

Bibigyang diin ng pagsusuring ito ang magiging resulta sa *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral sa sa ikasampung baitang ng Kapalong National High School. Ang pag-aaral na ito ay tiyakang makakukuha ng sagot sa mga sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang antas ng *pre-test* ng eksperimental na grupo?
2. Ano ang antas ng *post-test* ng eksperimental na grupo? at
3. May makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng *pre-test* at *posttest* sa eksperimental na grupo*?*

Haypotesis

Ang null haypotesis ay susukatin sa 0.05 na antas ng katiyakan na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba ang *Pre-test* at *Post-Test* matapos ang ginawang interbensyon na PEER UP (Practice and Enhance Through Engaging in Reading Using Peer-Tutoring): Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Sekondarya.

IMINUMUNGKAHING INOBASYON, INTERBENSYON, AT ESTRATEHIYA

Ang *peer-tutoring* ay isang proseso na kung saan ang isang mag-aaral ay magtuturo at tumutulong sa ibang mag-aaral na nahihirapan sa kanilang pag-aaral. Karaniwang ang mga mag-aaral na nagtuturo ay may mas mataas na antas ng kaalaman o kasanayan sa isang partikular na paksa. Ang pagkatuto ng isang mag-aaral ay mas nagiging epektibo sa pamamaraang ito sapagkat nagkakaroon ng mas personal na pagtutok, suporta mula sa kapwa mag-aaral at pagkakaroon ng iba't ibang paraan ng pagpapaliwanag ng mga konsepto.

Nabuo ng mga mananaliksik ang interbensyong pinamagatang PEER UP! (Practice and Enhance through Engaging in Reading Using Peer-Tutoring) bilang paraan upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino sa pamamagitan ng *peer-tutoring.* Layunin nitong makabuo ng isang sistema na kung saan ang mga mag-aaral ay magtutulungan sa pagtuturo ng wikang Filipino. Mayroong magtuturo at gagabay sa mga mag-aaral na nahihirapan at may mababang pagganap sa asignaturang Filipino. Ang bawat isa ay nakatuon sa pagpapalawak sa kanilang kakayahan sa pagbabasa gamit ang wikang Filipino. Sa pamamagitan nito, inaasahang mas lalawak pa ang kaalaman at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa asignaturang ito.

Bilang karagdagan, sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito ay gagamit ang mga mananaliksik ng iba't ibang paraan ng pagsusuri, tulad ng pagsusulit at pagsusuri ng *performance*, upang tiyak na masukat kung mayroon bang *progress* ang bawat mag-aaral na sumailalim sa interbensyong ginawa. Isasagawa rin ang pagsusuri sa mga datos na nakalap upang masusing mapag-aralan ang epekto ng *peer-tutoring* sa pagpapaunlad ng kasanayan sa wikang Filipino.

Sa pagsasagawa ng ng interbensyong ito ay gagawin ng mga mananaliksik sa sumusunod na mga hakbang.

Una, ang mga mananaliksik ay makikipag-usap sa punongguro ng paaralan upang ipaalam sa kanila ang layunin at ang mga gagawing mga hakbang tungkol sa interbensyon na ito. Ito ay upang mabigyan ang mga mananaliksik ng pahintulot sa pagsasagawa nito at ang mga kakailanganin na mga impormasyon ay maibibigay nang walang problema. Pagkatapos ay magkakaroon ng mumunting pagpupulong para talakayin ang PEER UP! (Practice and Enhance through Engaging in Reading Using Peer-Tutoring) at upang mabigyan ng kaalaman ang mga guro tungkol sa programang ito at inaasahan ang kanilang kooperasyon para sa katagumpayan nito. Dagdag pa, ang mga partisipante ng pag-aaral na ito ay malalaman sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang *pre-test* para sa pagbabasa, pagsasalita at pagsusulat gamit ang wikang Filipino.

Pagkatapos maisagawa ang *pre-test*, magkakaroon ng isang deliberasyon upang malaman ang mga partisipante ng pag-aaral na ito. Nang malaman na, magsasagawa ng isang oryentasyon ang mananaliksik upang makabuo ng isang ugnayan sa pagitan ng mga partisipante. Sa oryentasyon ay tatalakayin ang mga layunin at metodolohiya ng pag-aaral na ito, ito ay upang mabigyan ng kaalaman ang mga mag-aaral kung bakit sila napili, sa paanong paraan at ang kahalagahan nito sa kanilang pag-aaral upang lubos nilang maunaawan ang kanilang papel, at ang mga alituntunin ng pag-aaral. Sisiguraduhing ipapaalam sa kanila ang kanilang mga karapatan at ang etika sa pagtuturo at pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa kaparehong banda, upang masiguro ang kaligtasan ng mga partisipante, sila ay gagabayan at i-*momonitor* ng mga mananaliksik. Magbibigay ng isang lugar na kung saan nila isasagawa ang kanilang pagtuturo sa kapwa nila mag-aaral at lilimitahan lamang sa dalawang araw sa isang linggo ang kanilang *peer-tutoring*. Gagabayan din ng mga mananaliksik ang mga *tutor* sa pagbuo ng mga *review material* at mga gawain na magpapahusay sa kasanayan sa wika ng mga mag-aaral.

Bukod sa *peer-tutoring*, ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino ay masusukat din sa loob ng klase sa pamamagitan ng pagbalangkas ng mga gawain at pagsasanay na gagawin upang mahasa ang kanilang pagbabasa, pagsasalita at pagsusulat gamit ang wikang Filipino. Sa pamamaraang ito ay malalaman ang *progress* ng mga mag-aaral.

Matapos ang isang buwan na paglalapat ng interbensyong PEER UP (Practice and Enhance through Engaging in Reading Using Peer-Tutoring), magkakaroon na naman ng isang *post-test* upang malaman kung mayroon bang pagbabago sa performans ng mga mag-aaral. Dito, masusukat kung mayroon bang pagbabago sa kakulangan ng mga mag-aaral kasanayan sa wikang Filipino at kung naging epektibo ba ang ginawang interbensyon. Dito malalaman kung naging matagumpay ba ang PEER UP! (Practice and Enhance through Engaging in Reading Using Peer-Tutoring).

MGA LARONG NAKAPUPUKAW SA KABATIRAN

Word Scramble: Ang guro ay maglalabas ng mga titik upang bumuo ng mga salita na nauugnay sa isang partikular na tema o kategorya. Nakakatulong ang larong ito na mapabuti ang mga kasanayan sa bokabularyo at pagbabaybay.

Story Dice: Ang guro ay maggulong ng isang dice na may iba't - ibang larawan o mga salita sa bawat panig at ginagamit ang mga ito upang lumikha ng isang kuwento na nagsasama ng mga elemento na pinagsama. Hinihikayat ng larong ito ang pagkamalikhain at mga kakayahan sa pagkukuwento.

Book Trivia: Sinasagot ng mga kalahok ang mga tanong tungkol sa mga librong nabasa nila o mga katotohanang pampanitikan. Ang larong ito ay sumusubok sa pag-unawa sa pagbasa at kaalaman sa panitikan.

Pagkatapos, ay sasagutan ang mga katanungan sa pag-aaral na ito na nakabase sa resulta ng ginawang interbensyon. Ito ang mga katanungang dapat sagutan

1. Ano ang antas ng *pre-test* ng eksperimental na grupo?
2. Ano ang antas ng *post-test* ng eksperimental na grupo?
3. May makabuluhang pagkakaiba ng resulta ng *pre-test* at *posttest* sa eksperimental na grupo?

Ang PEER UP! (Practice and Enhance through Engaging in Reading Using Peer-Tutoring) ay isang pag-aaral na naglalayong mapabuti ang kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa sekondarya sa pamamagitan ng isang inobatibong pamamaraan ng pagtuturo, ang *peer-tutoring.* Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay higit pang mapababuti ang kasanayan sa ng mga mag-aaral gamit ang wikang Filipino. Ito ang magiging daan upang mabigyan ng solusyon ang problemang kinakaharap ng mga guro sa kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino katulad nang pagkakaroon ng kahirapan sa paggamit nito sa pakikipagtalastasan, sa kakulangan ng kanilang kaalaman sa mga talasalitaan, sa tamang pagbaybay ng mga salita at sa gramatika.

Kapag matapos nang maimplementa ang PEER UP! (Practice and Enhance through Engaging in Reading Using Peer-Tutoring), nananalangin ang mga mananaliksik na sana ay mayroong pagbabago sa mga mag-aaral at mayroong pag-unlad na naganap sapagkat ito ang siyang susukat sa katagumpayan ng interbensyon na ito. Dagdag pa, puwede itong patuloy na gamitin para sa mga mag-aaral na dumaranas sa problemang ito nang marami pa ang matulungan ng programang ito. Ito sana ang maging daan upang makagawa ng mga pag-aaral tungkol sa problema ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino at gumawa ng mga hakbang at solusyon upang mapalago ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit nito sa pasulat o pasalita man na pamamaraan.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *pre-experimental* na disensyo na kung saan ito ay gumamit ng *one group pre-test and post-test* na pamamaraan. Ang disenyong ito ay gumamit ng *pre-test* pagkatapos ay may interbensyong gagawin at magkakaroon ng isang *post*-test. Nilalayon nitong malaman kung may pagbabago bang naganap pagkatapos ng interbensyon sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng kanilang binabasa (Arikunto, 2006).

Ang pre-eksperimental na pananaliksik ay nangyayari bago pa man magsimula ang tunay na eksperimento. Ito ay ginagawa upang matukoy ang epekto ng interbensyon ng mga mananaliksik sa isang grupo ng mga tao. Makakatulong ito upang malaman nila kung ang pagkakagugulan ng pera at oras para sa pagsasagawa ng isang tunay na eksperimento ay sulit. Kaya naman, ang pre-eksperimental na pananaliksik ay isang paunang hakbang upang mapatunayan ang pangangailangan ng interbensyon ng mga mananaliksik (Vocxo, 2021).

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng *one-group pre-test-post-test* na disenyo na kung saan ay gumamit ng tatlong hakbang: una ang pagsasagawa ng *pre-test* sa eksperimental na grupo; ikalawa, ang pagsasagawa ng interbensyon na PEER UP; at panghuli, ang pagsasagawa ng *post-test*. Ang pagbabago ng resulta bago at matapos ang isinagawang interbensyon ay makikita sa pamamagitan ng pagkukumpara sa pre-test at post-test.

Ginamit ng mga mananaliksik ang *pre-test* at *posttest* bilang instrumento upang sukatin ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino partikular na sa kanilang kakayahang umunawa sa kanilang binabasa. Masusukat ang katagumpayan ng pag-aaral na ito at kung may pagbabago bang naganap sa *experimental group* sa pamamagitan ng pag-alam sa resulta bago sinimulan ang interbensyon at pagkatapos itong isinagawa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Instrumento ng Pananaliksik

Sa pagsasagawa ng pag-aaral nararapat lamang na gumamit ng mga instrumentong aangkop at tutugon sa layunin ng pag-aaral. Sa pagsasagawa ng nito ay gumamit ang mga mananaliksik ng isang adaptive na talatanungan mula sa isang pag-aaral.

Ginamit ng pag-aaral na ito ang eksaminasyon na ginawa nila Galiemba at Jalbuna (2021) ng Region VI-Western Visayas, Schools Division ng Iloilo. Ito ay isang pagsusulit na mayroong limampong katanungan na susukat sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga tekstong kanilang binabasa. Ito ay sinuri at iwinasto ng tagapayo upang maiangkop sa mga mag-aaral at sa pag-aaral.

Ang eksaminasyon ay binubuo ng mga katanungang napapalooban ng mga teksto mula sa iba't ibang panitikan partikular na mitolohiya at maikling kuwento gaya ng Cupid at Psyche, Nagkaroon ng Anak sina Wigan at Bugan, at Ang Tusong Katiwala. Nakapaloob din dito ang ang mga teksto mula sa mga balita at marami pang iba. Ang gagawin ng mga mag-aaral ay babasahin ito at may mga katanungang naaangkop sa mga tekstong kanilang binasa. Kailangan nila ng isang mapanuring isipan at kailangang maintindihan at maunawaan ang tekstong binasa upang maibigay ang tamang sagot sa katanungang ibinigay.

Upang masukat ang tumpak na sukat ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa, ang nasa ibaba ang ginamit:

Mean	Katumbas na Deskripsyon	Interpretasyon
41-50	Napakataas	Ang mag-aaral ay may lubos na p ag-unawa at mahusay na kakayahan sa pagsusuri ng teksto. Madaling nakukuha ang pangunahing ideya, mga detalye, at nagagawa ang masinop na pagsusuri at interpretasyon ng binabasa.
31-40	Mataas	Ang mag-aaral ay may mahusay na pag-unawa sa binabasa. Kadalasan ay nauunawan ang pangunahing ideya, mga detalye, at may kakayahang magbigay ng pagsusuri sa teksto. May kaunting kahiraan sa ilang mga bahagi.
21-30	Katamtaman	Ang mag-aaral ay may kakayahang makuha ang pangunahing ideya at ilang mahahalagang detalye, ngunit maaaring magkaroon ng ilang kahirapan sa mas malalim nap ag-unawa o pagsusuri sa teksto.
11-20	Mababa	Ang mag-aaral ay may kahirapan sa pag-unawa sa binabasa. Madalas na nahihirapan sa pagkuha ng pangunahing ideya at mga detalye. Kailangan ng karagdagang suorta at pagsasanay.
1-10	Napakababa	Ang mga mag-aaral ay may malaking kahinaan sa pag-unawa sa binabasa. Kinakailangan ng masinsinang gabay at tulong upang maunawaan ang mga pangunahing ideya at detalye sa teksto.

Lokasyon ng Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Kapalong National High School. Sa paaralang ito ay napansin ng mananaliksik na karamihan sa mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kahirapan sa pag-unawa sa kanilang binabasang teksto sa Filipino.

Sampol at Populasyon

Sa pag-aaral na ito, mayroong isang pangkat/seksyon ang naging partisipante, ang mga mag-aaral na nasa pinakahulihang seksyon ng ikasampung baitang na may tatlumpo't limang (35) mag-aaral.

Hakbang sa Paglikom ng Datos

Ang unang ginawa ng mga mananaliksik ay ang paggawa ng isang liham na nagsasaad sa lahat ng mga hakbang na aming gagawin at liham pahintulot upang mabigyan kami ng pahintulot sa pagsagawa nito sa paaralan. Sa liham ay inilagay ng mga mananaliksik ang layunin ng pag-aaral, ang mga hakbang na gagawin at ang mga magiging partisipante ng pag-aaral na ito. Nang mabigyan na ng pahintulot, ito na ang siyang magiging daan upang isagawa ang pag-aaral.

Matapos aprobahan, unang nilapitan ng mga mananaliksik ay ang mga awtoridad ng paaralan na may listahan sa mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang na kasali sa pag-aaral. Pagkatapos ay hihingi ng pahintulod sa *grade level head*, sa mga tagapayo at ang mga guro ng asignaturang Filipino upang makilala ang mga mag-aaral na napabilang sa *experimental* na grupo.

Pagkatapos ay magsasagawa ng isang oryentasyon upang malaman ng mga mag-aaral kung para saan ang pananaliksik na ito at ang mga layunin nito. Hindi rin magtatagal ay magsasagawa ng isang *pre-test* sa lahat ng mga partisipante upang malaman ang paunang datos na kakailangan sa pag-aaral na ito, ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga *test questionnaire* as mga mag-aaral. Pagkatapos malaman ang resulta ay gagawin na ang interbensyon. Ang interbensyon ay gagawin sa loob lamang ng isang buwan. Ngunit sa loob ng isang buwan, ang mga mananaliksik, bilang mga *pre-service teacher* ay gagawa ng mga gawain sa loob ng silid-aralan na siyang hahasa sa kakayahan ng mga mag-aaral na bumasa.

Sa pagsasagawa ng interbensyon, tinapos ito ng mga mananaliksik sa loob ng tatlong linggo matapos makuha ang resulta ng *pre-test*. Sa unang linggo ay isinagawa ang *word scramble* kung saan ay pinabasa ang mga mag-aaral ng mga teksto at kuwento pagkatapos ay bibigyan ang mga mag-aaral ng mga titik upang mabigyan sila ng pagkakataon na bumuo ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

mga salita na maiuugnay sa partikular na tema o kategorya. Halimbawa, sa kuwentong Cupid at Psyche, ipinasulat ng mga mananaliksik kung saang bahagi ng kuwento ang nagpapakita ng pagkainggit at marami pang iba.

Sa ikalawang linggo naman ay ginamit ang *story dice* na kung saan ay may bagong pinabasa na namang kuwento sa mga mag-aaral. Pagkatapos magbasa, nagpagulong ng isang *dice* ang mga mananaliksik na may iba't ibang larawan at mga salita at ang gagawin nila ay bubuo ng isang kuwento sa pamamagitan lamang ng pag-aanalisa ng mga larawan.

Panghuli, sa ikatlong linggo, nagkaroon ng *book trivia* na kung saan ay may mga katanungang ibinigay sa mga mag-aaral. May mga salita o pangungusap na kanilang babasahin pagkatapos ay sasagutan nila ito. Dito na rin ipinasok ang mga salitang pangnilalaman na kanilang dapat malaman. Sa kadahilanang nasa *pre-test* ang pokus ng pandiwa, ito rin ay itinuro sa mga mag-aaral.
Panghuli, bilang pagtatapos ng interbensyon na ito ay magkakaroon ng isang *posttest* na ibibigay sa grupo. Ito ay gamit pa rin ang *pre-test* ngunit mayroong iilang binago upang masukat talaga kung naging epektibo ba ang interbensyon. Ito ay upang malaman kung umunlad at may pinagbago ba sa kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at paano ito nakaapekto sa kanilang pagganap sa loob ng klase ng asignaturang Filipino.

Istatistikal na Tritment ng mga Datos
Ang mga sagot sa bawat bilang ng mga talatanungan ay itatala nang naaayon sa layunin ng pag-aaral na ito. Ang resulta ay aanalisahin at bibigyang-pagpapakahulugan gamit ang mga naaangkop na istatistikal tool.

***Mean*.** Ginamit ito upang malaman ang pangunahing impormasyon tungkol sa performans ng pangkat bago at matapos ang interbensyong ginawa. Ito rin ang gagamitin upang ilarawan ang resulta ng *pre-test* at *post-test.*

Paired-tailed test. Ginamit ito upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ba ang nakuhang marka ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test. Kung ang mean ba ng eksperimental na grupo sa pre-test ay mas mataas o mas mababa sa nakuhang marka sa post-test.

MGA RESULTA

Resulta ng Pre-Test

Ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ay unang sinukat sa pamamagitan ng isang pagsusulit (pre-test) upang malaman ang paunang kaalaman sa kasanayan ng mga mag-aaral. Sa pamamaraang ito ay nabigyan ng kaalaman ang mga mananaliksik sa kung paanong paraan nila mas pauunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang resulta ng isinagawang pre-test ay makikita sa Talahanayan 1. Batay sa mga datos, lumalabas na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral na umunawa sa kanilang binabasa ay mayroong kabuoang *mean* na 24.20 na may deskriptibong

Talahanayan 1. Resulta ng Pre-Test

Pre-test Scores	Frequency	Bahagdan
7	1	2.86
8	2	5.71
9	2	5.71
10	1	2.86
19	1	2.86
20	1	2.86
21	3	8.57
22	1	2.86
23	1	2.86
25	1	2.86
26	4	11.43
27	1	2.86
28	1	2.86
29	4	11.43
30	2	5.71
31	3	8.57
32	2	5.71
33	4	11.43
Kabuoan	**35**	**100.00**
Kabuoang *Mean*		**24.20**
Deskripsyon		Katamtaman

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

katumbas na katamtaman. Ito ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay may kakayahang makuha ang pangunahing ideya at ilang mahahalagang detalye, ngunit maaaring magkaroon ng ilang kahirapan sa mas malalim na pag-unawa o pagsusuri sa teksto.

Sa kaparehong banda, makikita naman na ang kadalasang markang nakuha ng mga mag-aaral ay 34 at 35 na may *frequency* na 4. Bagaman ito ay mas mataas sa naging resulta sa *pre-test*, hindi pa rin ito pumasa sapagkat ang pasadong marka ay 38. Sa kabuoang bilang ng populasyon na 35, 11 lamang ang pumasa sa *post-test*.

Talahanayan 3. Makabuluhang Pagkakaiba sa Pagitan ng Pre-Test at Post-Test Matapos ang PEER UP

Type of Test	N	df	Mean	SD	t-value	P-value	Decision $\alpha = 0.05$
Pre-Test	35	34	24.20	8.28	-12.809	< **.001**	**Significant**
Post-Test	35		34.77	4.98			

Bilang karagdagan, makikita rin sa talahanayan na ang pinakamataas na markang nakuha ay 33 na may *frequency* o bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ay 4 at bahagdan na 11.43. Ibig sabihin, sa kabuoang bilang ng populasyon na 35, apat (4) lamang ang nakakuha ng pinakamataas na marka ngunit hindi pa rin sila nakapasa sa pagsusulit na isinagawa dahil ang pasadong marka ay 38. Samantala, ang pinakamababang marka naman na nakuha ay 7, na may *frequency* na 1 at may bahagdan na 2.86. Nangangahulugan pa rin ito na hindi nakapasa sa pagsusulit.

Sa kaparehong banda, makikita sa talahanayan na ang pinakamadalas na nakuhang marka ng mga mag-aaral ay 26, 29, at 33, na may *frequency* na 4 at may bahagdan na 11.43. Ibig sabihin, ito ang mga markang kadalasang nakuha ng mga mag-aaral matapos maisagawa ang *pre-test.*

Resulta ng Post-Test

Sa kabilang banda, makikita naman sa Talahanayan 2 ang resulta ng *post-test*. Ito ang isinagawang pagsusulit matapos naisagawa ang interbensyon. Magkakatulad lamang ang eksaminasyon na ginamit at ginawa ngunit mayroong kakaunting pagbabago.

Makikita sa resulta na matapos ang isinagawang interbensyon ang kabuoang *mean* na nakuha ay 34.77 na may deskriptibong katumbas na mataas. Nangangahulugan lamang ito na ang mga mag-aaral ay mahusay na sa pag-uunawa sa kanilang binabasa. Nagpapahiwatig lamang na madalas na nilang nauunawaan ang pangunahing ideya, mga detalye at may kakayahan nang magbigay ng pagsusuri sa teksto. Sa kabila nito, hindi pa rin maipagkakailang mayroon pa ring mga aspekto na nagkakaroon sila ng kahirapan na nagdudulot pa rin ng pagkakamali.

Bilang karagdagan, makikita sa Talahanayan 2 na ang pinakamataas na nakuhang marka sa pagsusulit ay 44 na may *frequency* o bilang ng mag-aaral na nakakuha ay 1 na may bahagdan na 2.86. Ibig sabihin, nag-iisa lamang ang mag-aaral na nakakuha sa pinakamataas na marka at ito ay pasado. Samantala, ang may pinakamababang marka naman na nakuha ay 25 na may *frequency* na 1 at may 2.86 na bahagdan. Bagaman ito ay mas mataas kung ikukumpara sa naging resulta ng *pre-test* ito pa rin ay hindi pumasa.

Makabuluhang Pagkakaiba ng Pre-test at Post-test Matapos ang PEER UP

Inilahad sa Talahanayan 3 ang resulta ng pagbabago at pagkakaiba ng mga datos mula sa Pre-Test at Post-Test matapos maisagawa ang PEER UP, t(34)= -12.809, p<.001. Dahil mas mababa ang p-value (p<.001) sa antas ng katiyakan, ang *null* na haypotesis ay *rejected*. Samakatuwid, makikitaang may makabuluhang pagbabago sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo.

Makikita rin sa Talahanayan 3 na bago isinailalim sa interbensyon ang mga mag-aaral, ang *mean* ng *pre-test* ng mga mag-aaral ay 24.20 na nangangahulugang katamtaman. Samantala sa isinagawang *post-test* naman ay napansing ito ay tumaas at nagkaroon ng *mean* na 34.77 na nangangahulugang mataas. Ang pagtaas ng *mean* mula sa *pre-test* (24.20) patungo sa *post-test* (34.77) ay nagpapahiwatig na mayroong pag-unlad o pagbabago sa resulta ng mga mag-aaral matapos silang sumailalim sa interbensyon na Practice and Enhance Through Engaging in Reading Using Peer-Tutoring (PEER UP).

Sa kabilang banda naman, makikita na ang *standard deviation* ng *pre-test* ay 8.28, nagpapakita lamang ito kung gaano kalayo ang indibidwal na marka ng mga mag-aaral mula sa mean na 24.20. Dahil mas mataas ang *standard deviation,* mas malawak ang pagkakaiba ng mga markang nakuha ng mga mag-aaral mula sa *mean.* Samantala, ang *standard deviation* naman ng *post-test* ay 4.98 na mas malapit at nagpapakita ng pagkalat ng mga marka mula sa mean na 34.77 pagkatapos ng interbensyon. Ang pagbaba ng *standard deviation* mula sa *pre-test* (8.28) patungo sa *post-test* (4.98) ay nagpapahiwatig na mas kakaunti ang pagkakaiba ng mga marka ng mga mag-aaral matapos maisagawa ang interbensyon. Ito ay nagpapahiwatig lamang na mayroong pagbabagong nangyari sa mga mag-aaral matapos sumailalim sa interbensyon. Sila ay nagtataglay na ng mas mabuting pag-unawa sa kanilang binabasa.

Sa kabuoan, ang mga datos na ito ay nagpapakita sa pagbabago ng mga resulta sa marka ng mga mag-aaral mula sa *pre-test* hanggang sa *post-test.* Ang pagtaas ng *mean* at pagbaba ng *standard deviation* ay positibong tanda ng pag-unlad o pagbabago sa performans ng mga mag-aaral matapos ang interbensyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

DISKUSYON

Resulta ng Pre-Test ng mga Mag-aaral Bago ang PEER UP

Ang pangkalahatang resulta ng pre-test ng mga mag-aaral ay inilalarawan na "katamtaman." Ipinapakita nito na may kakayahan ang mga mag-aaaral na makuha ang pangunahing ideya at ilang mahahalagang detalye mula sa kanilang binabasa. Gayunpaman, maaari silang makaranas ng ilang hamon pagdating sa malalim na pag-unawa o pagsusuri ng teksto. Ang ganitong antas ng kasanayan ay nagpapahiwatig na bagamat may pundamental na kakayahan ang mga mag-aaral, kailangan pa rin nilang paigtingin ang kanilang *analytical* at *critical thinking skills* upang mas lubos na maunawaan at masuri ang mas komplikadong mga materyal na kanilang binabasa.

Ang resulta ay magkakatulad sa pag-aaral ni Lusianti (2020), na kung saan ipinapakita na karamihan sa mga mag-aaral matapos isagawa ang pre-test para masukat ang kanilang kasanayan sa pag-unawa ng kanilang binabasa ay nakakuha ng katamtaman. Ibig sabihin, marami pa ring mga mag-aaral na nangangailangan ng pagsasanay para mas mapaunlad pa ang kanilang kakayahang umunawa sa kanilang binabasa.

Bilang karagdagan, sa pag-aaral nila Nafsiah at Putrawan (2018) napag-alaman na bagaman may porsyento ng mga mag-aaral na nakakuha ng mataas at mababa, maraming mag-aaral ang nakakuha ng katamtamang marka matapos maisagawa ang *pre-test*. Ito ang siyang naging dahilan upang magsagawa ng isang interbensyon na kung saan makatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Sa kaparehong banda, sa pag-aaral nila Gubalani et al. (2023), ang naging resulta sa *pre-test* na mean ng mga mag-aaral ay mababa, nagpapahiwatig lamang na ang mga mag-aaral ay nangangailangan pa ng tulong sa pag-unawa dahil sila ay dapat na makakuha ng kinakailangang kaalaman at kasanayan upang mapadali ang pag-unawa sa pagbabasa. Bukod dito, may posibilidad pa na mapataas ang kanilang antas ng pag-unawa sa pamamagitan ng pagtanggap ng suporta mula sa mas may kaalaman.

Resulta ng Post-Test ng mga Mag-aaral Matapos ang PEER UP

Ang pangkalahatang resulta ng pre-test ng mga mag-aaral ay inilalarawan "mataas." Ipinapakita nito na nagkaroon ng malaking pag-unlad ang mga mag-aaral sa kanilang kakayahang umunawa ng binabasa. Kadalasan, nauunawaan na nila ang pangunahing ideya, mga mahahalagang detalye, at may kakayahan na rin silang magsagawa ng pagsusuri sa teksto. Gayunpaman, kahit na malaki ang kanilang pag-unlad kung ikukumpara sa naging resulta sa *Pre-test*, may ilang aspekto pa rin ng pagbabasa na nagdudulot ng kahirapan, na nagreresulta pa rin sa ilang pagkakamali. Ipinahiwatig nito na habang epektibo ang interbensyon, may mga bahagi pa rin ng pagkatuto na kailangan ng karagdagang pansin at pagpapabuti.

Ang resulta ay katulad sa pag-aaral na isinagawa ni Lusianti (2020) na kung saan matapos makuha ang resulta ng *post-test* ay napag-alamang tumaas ang porsyentong nakuha ng mga mag-aaral kung ikukumpara sa resulta ng *pre-test*. Ibig sabihin, ang ginawang interbensyon ay epektibo dahil nagdulot ito ng pagbabago sa performans ng mga mag-aaral. Kung kaya, iminumungkahi niyang upang mas mapaunlad pa ang kasanayan ng mga mag-aaral ay marapat lamang na mas maging malikhain ang mga guro sa pagtuturo.

Bilang karagdagan, sinusuportahan din ito ng pag-aaral nila Nafsiah at Putrawan (2018) na kung saan isiniwalat na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng kanilang binabasa ay tumaas at umunlad matapos ang isinagawang interbensyon. Kung saan mas naging malawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagkuha ng pangunahing ideya, mga sumusuporta sa pangunahing ideya, paghihinuha at pagpapalawak ng kanilang bukabolaryo. Bagaman hindi gaano kataas ang pag-unlad ng ngunit ipinapakita pa rin nito na lubos na tumataas ang kasanayan ng mga mag-aaral kapag may gagawing interbensyon.

Sa kaparehong banda, sa pag-aaral na isinagawa nila Gubalani et al. (2023), isiniwalat sa resulta na nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa pundasyon kaalaman, kasanayan, at pangkalahatang pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na kaya na nilang ilapat ang kanilang pag-unawa sa mga tunay na gawain sa tulong ng guro at suporta mula sa kanilang mga kaklase. Ang peer tutoring ay itinatampok bilang isang epektibong estratehiya para sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at pagpapalakas ng kanilang kumpiyansa sa sarili sa iba't ibang yugto ng pormal na edukasyon.

Makabuluhang Pagkakaiba ng Pre-test at Post-test Matapos ang PEER UP

Batay sa datos, makikitang may makabuluhang pagbabago sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo. Ang t-value na nakuha ay -12.809, na nagpapakita ng malaking pagkakaiba sa pagitan ng dalawang mean scores (pre-test at post-test). Ang negatibong tanda ay nagpapahiwatig na ang mean score sa pre-test ay mas mababa kumpara sa mean score sa post-test, na nagsasaad ng pag-unlad o positibong pagbabago sa kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Bukod dito, mapapansin na ang p-value ay mas mababa sa 0.001, na nagpapahiwatig ng makabuluhang pagkakaiba ng dalawang pagsusulit na isinagawa.
Dahil mas mababa ang p-value ($p<.001$) sa antas ng katiyakan, ang *null* na haypotesis ay *rejected*.

Samakatuwid, ang PEER UP o Practice and Enhance Through Engaging in Reading Using Peer-Tutoring ay nakatutulong sa pagpapaunlad sa kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa sa kanilang binabasa. Ang paggamit ng mga estratehiyang hahasa sa pagbabasa ng mga mag-aaral gaya ng *story dice*, *word scramble* at *book trivia* ay nakatutulong upang mapalago ang kanilang bokabularyo at ang kanilang kritikal na pag-unawa sa mga teksto.

Ito ay sinusuportahan ng pag-aaral na isinagawa ni Robison (2022) na kung saan ang mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo ay *superior* matapos gawin ang *peer-turoring*. Bilang karagdagan, isiniwalat din ng pag-aaral na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng *pre-test* at *post-test*.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Kung kaya, bilang kabuoan, tunay mayroong malaking epekto ang *peer-tutoring* sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ito ay may magandang epekto at epektibo sa pag-unawa sa pagbasa para sa mga mag-aaral sa ikawalong baitang.

Sa pag-aaral nila Gubalani et al. (2023), nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* matapos isinagawa ang *peer-tutoring*. Ibig sabihin, ang pagpapatupad ng estratehiyang *peet-tutoring* ay napatunayang kapaki-pakinabang sa pagpapahusay ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Bilang resulta, ang pagpapatupad ng estratehiyang peer tutoring ay napatunayang kapaki-pakinabang sa pagpapahusay ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang peer tutoring ay maaaring gamitin upang mapadali ang experiential learning na nakatuon sa mga tiyak na layunin, suportado ng ebidensya, angkop sa kultura, at iniayon sa mga indibidwal na pagkakaiba at pangangailangan.

Ang resulta ng pag-aaral ay salungat sa pag-aaral na ginawa ni Jumuad, et al. (2023) na kung saan isiniwalat ng resulta na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga score sa *pre-test* at *post-test* matapos maisagawa ang *peer-tutoring*. Gayunpaman, hindi ito nagpapahiwatig na hindi epektibo ang *peer-tutoring.* Bunga ng limitasyon sa panahon, iminumungkahi ng mananaliksik na pahabain ang panahon para sa *peer-tutoring* upang tunay makita ang kabuluhan ng interbensyon.

KONGKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang *mean* na nakuha mula sa kasagutan ng mga mag-aaral mula sa ikasampung baitang sa *pre-test* ay nakakuha ng katamtaman na nagpapahiwatig na kinakailangan talagang pagtuonan ng pansin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa. Kung kaya, marapat lamang na gumawa ng mga estratehiya na makatutulong sa pagpapaunlad nito at sa paggabay ng mga mag-aaral. Kung kaya, isinagawa ang PEER UP o Practice and Enhance Through Engaging in Reading Using Peer-Tutoring ng mga mananaliksik bilang isang interbensyon sa problemang umiiral.

Matapos maisagawa ang interbensyon, napansing mayroong pagbabago sa *mean* ng mga mag-aaral sa isinagawang *post-test*. Bagaman hindi ito masyadong mataas ngunit kakikitaan pa rin ng pag-unlad. Ang dating katamtaman ay naging mataas; nagpapahiwatig lamang na epektibo ang *peer-tutoring*.

Samakatuwid, ang *peer-tutoring* ay nagbibigay ng positibong epekto sa pagkatuto at pagpapaunlad sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang. Batay sa resulta ng *pre-test* at *post-test* mayroong makabuluhang pagkakaiba ang resulta na siyang nagpapatunay sa pagiging epektibo ng PEER UP sa problemang kinakaharap ng mga mag-aaral—ang pag-unawa sa pagbasa.

Sa kadahilanang natuklasan sa pag-aaral na ang *peer-tutoring* ay may makabuluhang epekto sa pagpapaunlad sa kakayahan ng mga mag-aaral na maunawa ang kanilang pagbasa. Ito ay makikita sa pagbabago ng resulta sa markang nakuha ng mga mag-aaral sa *pre-test* at *post*-test, kung kaya, iminumungkahi ng mga mananaliksik na ipatupad ang *peer-tutoring*, ito man ay dalawahan o pangkatan upang mas maging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Dagdag pa, imimumungkahi rin ng mga mananaliksik ang pagpapatuloy ng *peer-tutoring* at palawakain pa ito upang tumatag at maraming mag-aaral ang makasasali sa interbensyon na ito. Bilang bunga ng resulta ng pananaliksik, ang bisa nito ay napatunayan kung kaya maaari itong gawing regular na bahagi ng kurikulum.

Bilang karagdagan, iminumungkahi rin ng mga mananaliksik na mas pahabain pa ang panahon na ilalaan sa pagpapatupad ng interbensyon upang ito ay mas maging epektibo at mabibigyan ng mahabang panahon ang mga mag-aaral na pagtuonan ng pansin ang kanilang kakayahan sa pag-unawa ng mga babasahin. Sa pamamagitan nito, mas nabibigyan ng pokus ang kanilang kahinaan at mas mapapaunlad ang mga bagay na may mataas na kaalaman na sila. Mas masisiguro din ang pagbabago at pag-unlad ng bawat mag-aaral.

Sa kabilang banda, mainam din na bigyan ng sapat na pagsasanay ang mga *peer-tutors* o hindi kaya ang mga gurong mamamahala sa pagpapatupad ng *peer-tutoring*. Sila ay may malaking papel na gagampanan sa pagsasatupad ng PEER UP kung kaya marapat lamang na tumanggap din sila ng sapat na pagsasanay upang epektibong maihatid ang kanilang mga tungkulin. Ang pagsasanay na ito ay dapat sumaklaw sa mga teknik sa pagtuturo, pamamahala ng grupo at mga estratehiya.

Panghuli, para sa mga mananaliksik, mas mainam na mag-isip pa ng iba't ibang estratehiya na magpapaunlad sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral at huwag lamang magpokus sa kung ano ang naipasatupad ng pananaliksik na ito. Hangga't maaari, ang mga gawaing isasatupad ay nakaangkla sa kakayahan at kognitibong antas ng mga mag-aaral. Dagdag pa, magpatuloy sa pagsasagawa ng pananaliksik upang higit pang maunawaan ang mga pinakamabisang estratehiya sa *peer-tutoring.*

TALASANGGUNIAN

1. *Arikinto, S. (2006) Procedure penelitan, suatupendekatonpraktic rineka cipta, Jakarta.*
2. *Bautista, W., Cunanan A., Fernando, S., Mendoza, I., Ocampo, Z., and Vicente, L. (2019). Filipino language proficiency of senior high school students in Central Luzon Doctors' hospital - Educational Institution*
3. *De Lisi et al,. (2010). Improving content area reading comprehension for struggling readers: A three-tier intervention model. Journal of Learning Disabilities, 43(4), 327-344. https://doi.org/10.1177/0022219409355479*
4. *Estremera, M., & Estremera, G. (2018). Factors affecting the reading comprehension of grade six pupils in the City Division of Sorsogon, Philippines as basis for the development of instructional material. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 5(3), 72–78.*
5. *Gubalan, J., Basco, J., Bulig, M. R., & Bacatan, J. (2023). The effectiveness of peer tutoring in enhancing reading comprehension of ninth grade students. CJLS, 3(4), 75-89. https://doi.org/10.53103/cjls.v3i4.108*
6. *Hamer, (2021). The effectiveness of Gist strategy to eighth grade students' reading comprehension of SMP*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Prasetia Wiyata Ngasem Kediri in the academic year 2020/2021. Publisher.

7. *Jawili-Decena, A. (2021). Survey on the reading difficulties of K-12 learners in selected Tagalog-speaking provinces: basis for intervention. International Journal of Arts, Sciences, and Education, 1(3), 219–226.*
8. *Jumuad, S., Mendez, J., Redondo, K., & Cagas, R. (2023). Effects of peer-tutoring on the level of reading comprehension of young learners. International Journal of Educational Management and Development Studies, 4(3), 1-15. https://doi.org/10.53378/352995*
9. *Lobaton et al,. (2022). Bilingualism: Its influence on the reading comprehension of college students. International Research Journal of Science, Technology, Education, and Management, 2(2), 187-203 https://doi.org/10.5281/zenodo.6975655*
10. *Lopez, E. B. (2021). Comics-based worktext for reading comprehension and vocabulary*
11. *Lusianti (2020). A comparing study of students reading comprehension performance in two test formats multiple choice and open ended questions (causal comparative at eleventh grade MAN 01 Mukomuko Academic Year 2019/2020)*
12. *Mohammad, Z. A., & Hasbi, M. (2021). Reading difficulties in English as a second Language in grade five at a Saint Patrick's High School for boys, HydrabadIndia. Arab World English Journal, 12 (4) 521-535. DOI: https://dx.doi.org/10.24093/awej/vol12no4.34*
13. *Nafsiah, I. and Putrawan, G. E. (2018). The effect of pre-questioning toward students' reading comprehension. University of Lampung. English education study program.*
14. *Nguyen, G. (2021). The role of peer tutoring in promoting engagement and motivation in reading activities among high school students.*
15. *Robison, J. E. (2022). Peer tutoring towards Improved reading comprehension of grade 10 learners in a National High School. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 3(7), 1379-1389*
16. *Santos, M. (2021). Mga hamon sa pagkatuto ng wikang Filipino. Journal of Filipino Education, 10(1), 12-25.*
17. *Saavedra, R. S. (2024). Peer tutoring in enhancing reading skills of students.*
18. *Smith, J. A. (2020). The importance of reading: How it shapes our minds and lives. Academic Press.*
19. *Victoriano, M.G. & Dimaano, M.H. (2023). Reading and listening ability relative to and development studies, 4 (2), 27-40. https://doi.org/10.53378/352976 Students' Level of Performance. International Journal of Educational Management*
20. *Kim, J., & Lee, J. (2017). Effects of peer coaching on teachers' professional development: A systematic review and meta-analysis. Teaching and Teacher*
21. *Takeuchi, H. (2015). Peer tutoring in Japan: A new approach for a unique educational system. Journal of Education and Learning, 4(2), 123-130.*
22. *Topping, K. J., & Lindsay, G. (2020). Peer tutoring: Past, present, and future. In Handbook of Peer-to-Peer Learning (pp. 1-20). Routledge.*
23. *Voxco. (2021). Understanding Pre-Experimental Research Design. Retrieved from https://www.voxco.com/blog/pre-experimental-research-design/.*
24. *Waluyo, B. (2019). The first year university students' English proficiency on CEFR level. https://www.researchgate.net/publication/335079291_Thai_FirstYear_University_Students'_English_Proficiency_on_CEFR_Levels*